INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

# Ebalwasyon sa Estado ng mga Guro sa Implementasyon ng Modyular Modality

**APRIL MAE O. MACALES**
Department of Education
Compra National High school
aprilmae.macales@deped.gov.ph

**MERLIE FAITH JUMAWAN**
Department of Education
Aloran Trade High School
merlie.jumawan@deped.gov.ph

**GEMMA S. OROSCA**
Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus
gemmaorosca@jrmsu.edu.ph

*Abstrak* — Pangunahing layunin ng pag –aaral na ito na matukoy ang estado ng mga respondente tungkol sa implementasyon ng modyular modality at nang masuri ang kanilang mga hamon na nararanasan sa iba't ibang disiplina sa gitna ng bagong normal na kalakaran. Ginamit sa pagsusuri ang kwantitatibong pamamaraan upang mailarawan ang kanilang mga karanasan. Kaakibat sa pagsusuring ito ay ang random sampling upang makuha ang bilang ng mga respondente. Ginamit din ang percentage computation para matukoy ang demograpikong propayl, ang weighted mean para masuri ang kalagayan nila sa modyular na modality at ang chi square para makita ang pagkakaiba sa kanilang demograpikong propayl at ang kanilang estado sa naturang implementasyon. Natuklasan na ang mga respondente at lubos na lagging nararanasan ang mga hamon na kanilang kinakaharap. Bagkus, ito ay mga hamon lamang na kailangan nilang malampasan para sa kanilang mga mag – aaral, Kaya sa abot ng kanilang kakayahan, ginawa nila ang lahat para maipagpatuloy ang pag – aaral ng mga kabataan. Mahigpit na inirekomenda na, paigtingin pa ang pagsasanya ng mga guro na nakaangkla sa bagong normal na pagtuturo na may integrasyon ng multimedia.

***Keywords — Distanace Learning, Ebalwasyon, Modyular na Pag-aaral***

## I. Introduksiyon

Ang pagsiklab ng CoVid 19 sa buong mundo ay nagdulot ng malaking epekto sa lahat ng larangan lalo na sa sistema ng edukasyon. Ang tipikal na kalagayan ng klase sa panahon bago pa ang pandemya ay biglang nabago dahil inuuna ang kaligtasan ng bawat indibidwal. Nagdulot ang pandemya ng malaking pagbabago sa iba't ibang aspekto ng lipunan. Sa kabila ng dilemang dala ng sakit na ito, unti-unti nang naaako ng tao at natututunan na ng bawat isa na umayon at makisalamuha sa panibagong normal. Dala ng pangkulusugang krisis ng mundo, nabuklod ang

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

mga tuntuning kalaunan ay nakagisnan na ng lipunang gamitin bilang tugon sa iba't ibang aspekto ng bayan.

Sa kasalukuyan, ang estado ng mga guro ng Compra National High School, sinuong ang lahat na mga hamon para sa kapakanan ng mga mag – aaral. Ginagawa ang lahat upang mapanatili ang ugnayan nila sa kanilang mga mag – aaral. Bukod sa kinukuha at isinauli ng mga magulang ang modyul ng kanilang mga anak sa paaralan, ang mga guro ay gumagawa rin ng ibang paraan gaya ng group chat sa pamamagitan ng facebook messanger, facebook group, emails, phone call or texts at iba pang paraan upang ang kanilang komunikasyon ay mananatili. Hanggat maaari, may mga guro na binibisita nila ang kanilang mga mag – aaral upang magkaroon ng remedyal na gawain at nang matuto ang kanilang mga mag – aaral. Ito ang nagbunsod ng mananaliksik na limiin ang mga datos tungkol sa estado ng mga guro sa pagpapatupad ng modyular modality.

**Rebyu ng mga kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

**Ang Ugnayan ng Wika sa Makrong Pasulat**

Ang pagsusulat ay isang paglalarawan ng wika sa tekstuwal na paggamit ng isang pangkat ng mga tanda o sagisag, kilala bilang sistema ng pagsulat, pinatunayan ito ni Peter T. Daniels (2016), sa kanyang pahayag na ang pagsulat ay isang sistema ng humigit-kumulang na permanenteng panandang ginagamit upang kumakatawan sa isang pahayag kung saan maaari itong muling makuha nang walang interbensyon ng nagsasalita.

Binaggit ni Salomone (2015), may tatlong hakbang ang proseso ng pagsulat. Una, "Pre-writing Stage", saklaw ng hakbang na ito ang mga pagplaplano bago magsulat kabilang dito ang paghahanap ng paksa at pangangalap ng informasyon. Pangalawa, "Wring Stage", dito magaganap ang aktwal na pagsusulat, ang mga kaisipan at saloobin tungkol sa paksa ay malayang naipapahayag sa bahaging ito. Pangatlo, "Re-writing Stage", ang bahaging ito ay binubuo ng mga gawaing revisyon at pagwawasto.

Ayon naman kay Tumangan (1997), "Ang pagsulat ay isang paraan ng pagpapahayag ng pag-iisip at damdamin ng isang tao sa pamamagitan ng mga simbolo ng mga tunog ng salita." Ito ay ang paghahatid ng mensahe mula sa isang tao tungo sa iba.

**Kasanayan ng mga Mag–aaral sa Makrong Pagsulat**

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglabas ng DepEd order No. 12, s. 2020 "Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for the School Year 2020-2021 in Light of the COVID-19 Public Health Emergency". Tunguhin nitong maprotektahan ang bawat indibidwal at nang hindi na lumubo pa ang bilang ng nagkakasakit. Kaya naman, ang mga kawani ng edukasyon ay walang sawang nagpanday ng iba't ibang kaparaanan upang hindi matigil ang pag – aaral ng mga mag – aaral. Iba't ibang learning modality ang kanilang inhahain upang ganap na matugunan ang kanilang mga pangangailanagan. Isa na rito ang pagpapatupad ng Modyular Modalitiy. Sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

kasalukuyan, ang mga mag – aaral ay gumamit ng self – learning modules (SLM's) sa pamamagitan ng pag- imprinta o di kaya sa digital na format o electronic copy, o anumang angkop sa panganagilangan ng mga mag – aaral. Kabilang na rin ang iba't ibang instruksiyunal na mga kagamitan gaya ng Learning Toolkit, modyul, textbooks, activity sheets at iba pang pinagaang gawain para lamag matugunan ang mga panganagilangan ng mga mag – aaral sa modyular na pamamaraan. Binanggit ni Garcia (2020) kung paano pinaghahandaan ng ilang mga guro ang pasukan sa panahon ng pandemya, ani niya, ''nagsisikap para matugunan ang lahat ng responsibilidad ng isang guro.'' Ibig sabihin, sa kabila ng pagbabago sininisikap ng mga guro masakyan ang anumang pagbabago sa sistema ng edukasyon sa mas magaan at epektibong pamamaraan. Masasalamin dito ang pagtugon ng guro sa tawag ng propesyun na pagiging mabuting edukador.

## II. Methodology

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gagamit ng kwantitatib resirts sa deskriptibong pamamaraan upang matukoy ang mga saloobin ng mga piling guro sa Compra National High School. Tunguhin ng mananaliksik na suriin at alamin ang tunay na kalagayan sa pagtuturo ng mga guro sa panahon ng bagong normal upang makita ang kakulangan nang mabigyan ng sapat na kaukulang pagtugon tungo sa kalidad na pagtuturo kahit pa man sa modyular na pamamaraan. Gayundin, gagamitin ng mananaliksik ang Sequential Mixed Method sa pagkalap ng mga datos upang ganap na mabigyan ng pagpapatotoo ang tugon ng mga respondente. Sa pamamagitan nito, higit pa na mapapaigting at mapagpapabuti ng naturang pamantasan ang kanilang bagong sistema ng pagtuturo para sa pagbibigay ng kalidad na edukasyon.

### Kaligiran ng Pag - aaral

Sa pagsiklab ng pandemya, ang Sistema ng edukasyon ay tunay na nagbabago. Ang dating nakasanayan na paraan ngb pagtuturo ay biglang naglaho at napalitan ng iba't ibang bagong kaparaan dahil ang mahalaga ay maipagpatuloy pa rin ng mga mag – aaral ang kanilang pag – aaral. Dahil dito, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpapatupad ng bagong Sistema upang matugunan ang pangangailang ng bawat guro at mag – aaral. Kabilang na rito ang Compra National High School. Dito isasagawa ang kasalukuyang pag – aaral dahil na rin ang mananaliksik ay kasalukuyang nagtuturo sa nasabing paaralan. Kaya, upang hindi na mahihirapan pa sa paglikom ng mga datos at bilang tugon na rin sa tagubilin ng IATF na iwasan ang paglabas sa matataong lugar .

### Respondente ng Pag - aaral

Ang respondente ng pananaliksik na ito ay nakatuon sa piling mag-aaral ng Zamboanga del Norte National High School Main Campusa sa taong panuruan 2022 – 2023. Sila ang sakop ng pag – aaral dahil nakitaan ng mananaliksik na ang kanyang mga mgag – aarl ay may taglay na kakulangan sa pagbuo ng iba't ibang uri ng sulatin. Ang kahinaan sa kasanyan ng mga mag – aaral ang nagtulak ng mga mananliksik na pag – aralan ito upang maging gabay sa pagpapabago ng

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

proseso sa pagtuturo na iaangkop sa kawilihan ng mga mag – aaral. Sa ganitong kalagayan, matutugunan ang kanilang kamangmangan at maging ang kanilang kakulangan sa gawaing pagsusulat. Isang baitang lamang ang naging sakop sa pag – aaral at ito ay ang Grade 8 lamang. Mahigpit na nilimitahan ang naging respondente sa dahilang may maikling panahon lamang ang iginugol dito at dal ana rin sab anta ng pandemya. Sa ganitong sitwasyon, mapadali at magiging magaan ang daloy ng pagkalap ng mga respondete.

Ang pag- aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagsasarvey na kung saan inaalam ng mananaliksik ang mga saloobin ng mga guro sa Compra National High School. Gagawa at maghanda ang mananaliksik ng elektronikong talatanungan na siyang magiging basehan upang makakalap ng sapat na datos. Ang mga elektronikong talatanungan na naihanda ay ipinamudmud sa una hanggang apat na baiting ng mga guro na nagtuturo sa nabanggit na paaralan. Kanila itong sasagutan upang makita ang kanilang tunay na kalagayan sa pagtuturo sa bagong normal. Bago ipinamahagi ang mga talatanungan, nagbigay muna ng liham ang mananaliksik sa punong guro ng naturang paaralan upang humingi ng pahintulot para maisagawa ang pag- aaral. Bago ipapamudmod ang talatanungan, dadanan ito sa pagsusuri sa nilalaman ng mga dalubhasa na may kaalaman ukol sa paksang ito nang sa gayon ay maging mabigat at makabuluhan ang pagsasagawa ng pag- aaral. Pagkatapos na makalap ang mga datos, magsasagawa ang mananaliksik ng pakikipanayam sa mga gurong kanyang respondente upang mabigyan ng kapamigitan ang bawat tugon ng mga respondente. Naniniwala ang mananaliksik na ang gagawing pakikipanayam ng iilang respondente ay may malaking ambag sa isasagawang pag – aaral.

## III. Mga Natuklasan

Makikita sa talahanayan 1 ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa edad, mula sa mga inilatag, ang may pinakamataas na bahagdan ay may edad na 41 – 45 na may 26% at ang pinakamababa ay may edad na 46 – 50 na may 6%. Nangangahulugan lamang na ang mga guro ay nasa tamang edad sa kanilang propesyon at handa pang yakapin ang anumang pagbabago sa Sistema ng edukasyon. Ang resultang ito ay pinagtibay mula sa pag – aaral ni Carlo (2019), ang edukasyon ay isang proseso ng pagbabahagi, pagkuha at pag-iipon ng kaalaman na nararapat maipagpatuloy ninuman na hindi hihinto sa pagtuklas ng bagong karunungan. Ito ay tumutulong sa tao upang mapaunlad ang kanyang kakayahan, pang-unawa at pagkatao na walang pinipiling edad at lebel ng edukasyon.

**Talahanayan 1 Propayl ng mga Respondente ayon sa Edad**

| Edad | Frequency | Percent (%) |
|---|---|---|
| 20-25 | 4 | 13 |
| 26-30 | 5 | 16 |
| 31-35 | 6 | 19 |
| 36-40 | 6 | 19 |
| 41-45 | 8 | 26 |
| 46-50 | 2 | 6 |
| TOTAL | 31 | 100 |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Mapapansin sa Talahanayan 2 ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa kasarian. Ang babae ang may pinakamalaking bahagdan na umaabot ng 84%. Sa kabilang banda, ang may pinakamaliit na bahagdan ay ang lalaki n amy 16% lamang. Ang resultang ito kung iuugnay sa estado ng mga mag – aaral na kumukuha ng kursong Edkasyon, karamihan ay mga babae kaysa mga lalaki. Kaugnay nito, ayon kay Feingold (2012), ang kasarian ng mga mag-aaral ay isang salik upang malaman ang kanilang kayang ipakita ang kasarian ay iba sa pag-uugali, personalidad, inaasahan ng guro, at behabyor, pagkakaiba ng kursong kinukuha at bayologikal na ibinibigay sa pagkakaiba ng kasarian sa kanilang makukuha.

**Talahanyan 2 Propayl ng mga Respondente ayon sa Kasarian**

| Kasarian | F | Percent (%) |
|---|---|---|
| Babae | 26 | 84 |
| Lalaki | 5 | 16 |
| Total | 31 | 100 |

Mula sa talahanayan 3, makikita ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa taon ng panunungkulan. Inilatag sa ibaba na karamihan sa kanila ay may 1 – 5 taon pa lamang ng panunungkulan na may 48.4% na nagngahulugang baguhan pa lamang sa serbisyo. Samantala 16 – 20 na taon ang pinakmababa na may 6.5%. Isa itong representasyon na ang mga guro ng Compra Nationa High School ay mga baguhan pa lamang sa kanilang karera na handa sa anumang pagbabago. Malaki ang kaugnayan nito sap ag – aaral ni Gumansag (2020) , lumabas sa knayang pag – aaral na. ang may pinakamaraming respondente na may bahagdang 54.55% ay nasa 4-1 na taon ng panunungkulan bilang guro sa Filipino, at walang naitalang respondente sa 16-19 na taon at sa isang taon pababa. Ibig sabihin maraming respondente sa 4-1 na taon ng panunungkulan sa pagtuturo sa larangan ng Filipino.

**Table 3 Propayl ng mga Respondente ayon sa Taon ng Panunungkulan**

| Taon ng Panunungkulan | F | Percent (%) |
|---|---|---|
| 1- 5 | 15 | 48.4 |
| 6 - 10 | 9 | 29.0 |
| 11 - 15 | 5 | 16.1 |
| 16 - 20 | 2 | 6.5 |
| TOTAL | 31 | 100 |

Makikita sa Talahanayan 4 ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa estadong sibil. Mapapansing naitala ang may pinakamataas ng bahagdan ang mga respondenteng may asawa na umabot ng 80.6% at kapwa ang dalaga at binate ang may pinakamababa antas na may 9.7%. Ibig sabihin karamihan sa nagtuturo ng asignaturang Filipino ay pawang may asawa na. Samakatuwid, bilang mga guro pinapanatili nito ang kanilang dignidad at pinapatunayan nila ang pagiging modelo sa komunidad at sa kabataan na may pagkakatulad sa resulta din sap ag – aaral ni Gumansag ( 2020).

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Table 4 Propayl ng mga Respondente ayon sa Estadong Sibil**

| Estadong Sibil | F | Percent (%) |
|---|---|---|
| Dalaga | 3 | 9.7 |
| Binata | 3 | 9.7 |
| May Asawa | 25 | 80.6 |
| TOTAL | 31 | 100 |

Mapapansin sa Talahanayan 6 ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa pinaakamataas ng edukasyong natamo. Mapapansing nagkaroon ng 65% ang mga respondenteng kasulukuyang nag-aaral ng masteral digre at may 14% ang naitalang respondente na nakapagtapos ng masteral degri. Sa kabuuan ang mga guro sa Filipino ay patuloy na nag-aaral at nagsisikap upang makapagtapos ng masteral degri kahit pa man abala sa mga gawain sa paaaralan. Patunay lamang na sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral ay marami silang matutunan a maibabahagi nila sa mga mag-aaral. Sang – ayon ito sap ag – aaral ni Ganis (2018) na ang patuloy nap ag – aaral sa mga guro ay lubhang nakatutulong para maingat pa ang kalidad ng kanilang pagtuturo, inilatg sa resulta ng kanyang pag – aaral na may 72.73% ang mga respondenteng kasulukuyang nag-aaral ng masteral digre

**Table 5 Propayl ng mga Respondente ayon sa Pinakamataas na Edukasyon Natamo**

| Pinakamataas na Edukasyon Natamo | F | Percent (%) |
|---|---|---|
| Bachelor's Degree | 7 | 23 |
| May Masteral Units | 20 | 65 |
| Masteral degree | 4 | 13 |
| TOTAL | 31 | 100 |

Mapapansin mula sa talahanayan 6 ang demograpikong propayl ng mga respondente ayon sa kasalukuyang katungkulan. Lumabas sap ag – aaral na ang Teacher 1 ang may pinakamtaas na bilang na may 51.6% at ang pinakamababa ay Master teacher na may 3.2%. Isa itong representasyon na dahil sa baguhan pa lamang ang mga guro sa kanilang posisyon na mag 1 – 4 na taon ng panunungkulang kung kaya sila ay nasa unang estado pa lamang ng kanilang panunungkulan. Subalit ang estado ay hindi hadlang upang ganap na isang mahusay na guro. Vbagkus, sila ay hanadang yakapin ang anumang pagbababso sa larangan ng kanilang pagtuturo.

**Table 6 Propayl ng mga Respondente ayon sa Kasalukuyang Katungkulan**

| Akademikong Ranggo | F | Percent (%) |
|---|---|---|
| Teacher 1 | 16 | 51.6 |
| Teacher 2 | 5 | 16.1 |
| Teacher 3 | 9 | 29.0 |
| Master Teacher 1 | 1 | 3.2 |
| TOTAL | 31 | 100 |

Inilatag mula sa talahanyan 7 ang estado ng mga respondente sa implementasyon ng modyular modality ayon sa oryentasyon para sa mga mag – aaral at mga magulang. Natuklasan na ang may pinakamataas na bahagdan ay ang masigasig na humanap ng iba't ibang paraan sa pagkontak o pagtawag sa mga mag – aaral at mga magulang at malinaw na ipinaunawa at pinaalalahanan ang mga mag – aaral at mga magulang sa kanilang papel na giagampanan sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

panahon ng bagong normal na may 4.77% na ang deskripsyon na lubos na lagging nararanasan. Ang may pinakmamababang bahagdan na may 4.65 ay ang nagkaroon ng oryentasyon para sa mga mag – aaral at mga magulang bago pa man ipinamudmod ang mga modyul. at patuloy na sinusubaybayan ang mga mag – aaral at mga magulang para sa mabilisang pagtugon sa anumang katanungan sa pagpapalinaw  sa pagtugon ng kanilang mga modyul. Ang kabuuang result anito ay may mean na 4.70 na may deskripsiyon na lubos na laging nararanasan. Nangangahulugan na ang mga respondente ay lubhang nakakaranas ng iba't ibang suliranin para maipagtaguyod ang oryentasyon at nang maabot sa mga magulang at mga mag – aaral ang angkop na impormasyon. Kaugnay nito, mula sa pahayag ni Acero (2002) na, ''ang guro ay hindi maaring magturo ng mga bagay na hindi nila alam. Kaya ang lubos na kaalaman sa asignatura o aralin ay ang pinakamahalagang konsiderasyon.'' Pinapakita na ang impluwensya ng kaalaman at kabatiran ng guro bilang tagapagturo ay may malaking impak para sa mga mag-aaral subalit ngayong panahon ng pandemya,  nangangailangan na ang guro ay may sapat na kabatiran din sa paggamit ng social media at internet sapagkat bahagi ito sa makabagong estilo ng pagtuturo ngayon na kailangan din mbatid sa mga mag – aaral at mga magulang. Kung kaya, kaelangan na mayroong oryentasyon na magaganap bago pa man ang gawain.

**Table 7 Estado ng mga Respondente sa Implementasyon ng Modyular Modality batay sa Oryentasyon**

| Oryentasyon | WM | Description |
|---|---|---|
| Nagkaroon ng oryentasyon para sa mga mag – aaral at mga magulang bago pa man ipinamudmod ang mga modyul.Uses efforts of contacting the student who choose modular for proper instruction. | 4.65 | Lubos na laging nararanasan |
| Masigasig na humanap ng iba; ibang paraas sa pagkontak o pagtawag sa mga mag – aaral at mga magulang.. | 4.77 | Lubos na laging nararanasan |
| Masugid na pinaunawa sa mga mag – aaral at mga magulang ang pagganap sa modyular na gawain. | 4.68 | Lubos na laging nararanasan |
| Patuloy na sinusubaybayan ang mga mag – aaral at mga magulang para sa mabilisang pagtugon sa anumang katanungan sa pagpapalinaw  sa pagtugon ng kanilang mga modyul. | 4.65 | Lubos na laging nararanasan |
| Malinaw na ipinaunawa at pinaalalahanan ang mga mag – aaral at mga magulang sa kanilang papel na giagampanan sa panahon ng bagong normal. | 4.77 | Lubos na laging nararanasan |
| Average Weighted Mean | 4.70 | Lubos na laging nararanasan |

Makikita sa talahanayan  8 ang estado ng mga respondente sa implementasyon ng modyular modality batay sa kanilang kahandaan. Malinaw na inilatag sa result ana ang may pinakamalaking bahagdan ay ang pinagsikapan ang pagganap lalo na sa paghahanda ng mga modyul at iba pang gawain na may 4.74% na nangangahulugang may paghahanda sila sa pagbabagong dulog sa pagtuturo. Ang pinakamababang antas na man ay ang bago pa man isinakatuparan ang modyular

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

modality, sumali sa iba' t ibang webinar para sa bagong sistema ng edukasyon na may 4.48%, ibig sabihin nito hindi lahat ng mga respondente ay sumalang muna sa iba't ibang webinar bago ipinatupad ang modyular modality. Gayun pa man, sa kabuuang may mean na 4.61 na may deskripsyon na lubos na lagging nararanasan ng mga respondente na may pahghahanda bago ang pagmudmod ng mga modyul. Sang – ayon ito sa pahayag ni Garcia (2020) kung paano pinaghahandaan ng ilang mga guro ang pasukan sa panahon ng pandemya, ani niya, ''nagsisikap para matugunan ang lahat ng responsibilidad ng isang guro.'' Patunay lamang nasa kabila ng pagbabago, sininisikap ng mga guro na aayon sa makabagong sistema ng edukasyon ngayong panahon ng tinatawag na New Normal. Masasalamin dito ang pagtugon ng guro sa tawag ng propesyun na pagiging edukador.

**Table 8 Estado ng mga Respondente sa Implementasyon ng Modyular Modality batay sa Kahandaan**

| Kahandaan | WM | Description |
|---|---|---|
| Bago pa man isinakatuparan ang modyular modality, sumali sa iba' t ibang webinar para sa bagong sistema ng edukasyon. | 4.48 | Lubos na laging nararanasan |
| Nagkaroon ng iba't ibang pagpupulong upang ganap na mapaghandaan ang pagpapatupad ng modyular modality. | 4.65 | Lubos na laging nararanasan |
| Lubos na kahandaan ang nagampanan sa pagpapatupad ng bagong Sistema. | 4.55 | Lubos na laging nararanasan |
| Pinagsikapan ang pagganap lalo na sa paghahanda ng mga modyul at iba pang gawain. | 4.74 | Lubos na laging nararanasan |
| Gumagamit ng iba't ibang istratehiya upang maging handa sa anumang pagbabago. | 4.65 | Lubos na laging nararanasan |
| Average Weighted Mean | 4.61 | Lubos na laging nararanasan |

Mapapansin mula sa talahanayan 9 ang estado ng mga respondente sa implementasyon ng modyular modality batay sa interaksyon. Mula sa natuklasan, ang may pinakamataas na bahagdan ay ang gumamit ng iba't ibang teknik para lamang mapanitili ang ugnayan sa mga mag – aaral na may 4.81%. Patunay lamang na na ginawa ng mga respondente ang angkop na mga pangnagilangan para matugunan ang mga mag – aaral. Sa,anatalang ang pinakamababang bahagdan ay ang kinukumusta ang mga mag – aaral sa iba't ibang kaparaan para lamang mapanatili ang ugnayan nilana may kinalaman sa pagtugon ng mga gawain sa modyul na may 4.58%. Sa kabuuan mean ay may 4.68 na may deskripsyon na lubos na lagging nararanasan ng mga respondente ang mga sitwasyon upang mapanatili ang kanilang ugnayan sa mga mag – aaral. Bilang isang guro, hindi kailanman na may maiwan na mag – aaral o napabayaan. Sa katunayan nito, sa pahayag ni Cortes (2010), ang guro ay ang pinakamahalagang baryabol sa loob ng silid aralan na nakapagsasawa ng matagumpay at epektibong pagtuturo. Malaki ang gingampanang papel ng isang guro, ginawa ang lahat para makakapagbahagi sa kanyang estudyante ng mga kaalaman at mapanatili rin ang kanilang ugnayan sa klase. Sa panahong ito, makikilala at makikita talaga ang lubos na kahalagahan ng guro bilang gabay sa mga estudyante sa kanilang pagkatuto. Mula sa paggawa ng mga materyales o instrumento na gagamitin hanggang sa pagbibigay nito sa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

mga mag-aaral ay isang malaking trabaho na para sa mga guro ang may interaksyon kahit malayo sa isa't isa.

**Talahanayan 9 Estado ng mga Respondente sa Implementasyon ng Modyular Modality batay sa Interaksyon**

| Interaksyon | WM | Description |
|---|---|---|
| Handang handa sa pagtugon sa anumang mga katanungan ng mga mag – aaral kahit pa sa pagtawag, pagmessage o pagtext. | 4.71 | Lubos na laging nararanasan |
| Masugid na sinusubaybayan ang mga mag – aaral sa pagtugon ng kanilang modyul sa lahat ng panahon. | 4.61 | Lubos na laging nararanasan |
| Kinkumusta ang mga mag – aaral sa iba't ibang kaparaan para lamang mapanatili ang ugnayan nil ana may kinalaman sa pagtugon ng mga Gawain sa modyul. | 4.58 | Lubos na laging nararanasan |
| Sinigurado na lahat ng mga katanungan ay matugunan nang buong linaw at kumpiyansa. | 4.68 | Lubos na laging nararanasan |
| Gumamit ng iba't ibang teknik para lamang mapanitili ang ugnayan sa mga mag – aaral.. | 4.81 | Lubos na laging nararanasan |
| Average Weighted Mean | 4.68 | Lubos na laging nararanasan |

Matutunghayan mula sa talahanayan 10 ang estado ng mga respondente sa implementasyon ng modyular na modality batay sa reproduksiyon. Makikita na ang may pinakamalaking bahagdan ay ang sa pagbuo ng modyul, ito ay alinsunod sa istandard na binigay ng Kagawaran ng Edukasyon at gumamit ng malinaw na pormat, layout, font sa text at mga larawan upang kaaya – akay at presentable sa mga mag – aaral na kapwa may 4.81%. Samantala ang pinakamababang bahgadan ay ang malinis, buo at kaakit – akit ang modyul na nabuo upang makuha ang kawilihan ng mga mag – aaral sa pagtugon sa mga Gawain napapaloob na may 4.71%. Ang kabuuang mean ay 4.77 na may deskripsyon na lubos na lagging nararanasan. Patunay lang din na ang mga respondente ay naglaan ng tamang oras o panahon para malikha ang modyul ayon sa wasto, buo at angkop sa pangangailangan ng mga mag – aaral. Binigyan ito ng sapat na panahon para makalikha ng isang kaakit – akit na kagamitang panturo.Binigyang – diin sap ag – aaral ni Cruz (2013), tungkulin ng isang guro na ilahad sa mga mag-aaral ang mga kabuuang impormasyon ng bawat aralin lalo na sa mga paaralanag walang internet at kulang sa mga kagamitan upang makabuo ang mga mag-aaral ng intelektwal na analisis sa akdang pinag-aralan. Ipaliwanag nang mabuti at magbigay ng halimbawa ang guro upang makakabuo ng imahinasyon ang estudyante kahit di niya ito nakikita at para lubos niyang maiintindihan.Kaya naman, inalisa ang kabuuang likha na kagamaitang pampagtuturo bago ito ipinamimigay sa mga mag – aaral.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

**Talahanayan 10 Estado ng mga Respondente sa Implementasyon ng Modyular Modality batay sa Reproduksiyon**

| Reproduksiyon | WM | Description |
|---|---|---|
| Nilaan ng sapat na oras o panahon para lamang sa paggawa ng komprehensibong modyul. | 4.74 | Lubos na laging nararanasan |
| Sa pagbuo ng modyul, ito ay alinsunod sa istandard na binigay ng Kagawaran ng Edukasyon. | 4.81 | Lubos na laging nararanasan |
| Gumamit ng malinaw na pormat, layout, font sa text at mga larawan upang kaaya – akay at presentable sa mga mag – aaral. | 4.81 | Lubos na laging nararanasan |
| Masistema ang pagbabalangkas sa paglatag ng mga nilalaman ng modyul upang maunawaan ito sa mga mag – aaral. | 4.77 | Lubos na laging nararanasan |
| Malinis, buo at kaakit – akit ang modyul na nabuo upang makuha ang kawilihan ng mga mag – aaral sa pagtugon sa mga Gawain napapaloob. | 4.71 | Lubos na laging nararanasan |
| Average Weighted Mean | 4.77 | Lubos na laging nararanasan |

Makikita mula sa talahanayan 11 ang estado ng mga respondente sa implementasyon ng modyular na modality batay sa distribusyon nito. Ang pinakamataas na bahagdan ay ang nilaanan ng sapat na oras para lamang mapaabot sa mga mag – aaral ang kanilang mga modyul at masistemang pagmumudmod ng mga modyul na may 4.77%. Samantala ang pinakamababa ay ang mga mag – aaral na hindi makuha ang modyul sa paaralan, piuntahan sa kanilang bahay para lamang mapaabot ang modyul na may 4.13%. Nagpapakita lamang na ang mga respondents sa usaping distribusyon ng modyul ay ginawa nila ang lahat sa abot ng kanilang kakayahan. Kung kinakailangang puntahan sa bahay ay kanila itong ginagawa para lamang maipagpataluoy ng mag – aaral ang kanilang pag – aaral. Sang – ayon ito sa pahayag ni Ignacio (2020), nagkaroon ng disiplina ang mga bata dahil nagkaroon ng regular na pagsusubaybay sa kanilang bahay na dapat maglaan ng oras sa paggawa ng aralin, paglalaro o paggamit ng gadget. Ang mga estudyante ay masubaybayan ng kanilang mga magulang sa tamang paggamit ng internet tungo sa online class o maging sa modyular na pamamaraan. Nararapat lamang na subaybayan ang mga bata lalo ang mga hindi sanay sa paggamit ng internet at baka mapunta sa maling sites.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 11 Estado ng mga Respondente sa Implementasyon ng Modyular Modality batay sa Distribusyon**

| Distribusyon | WM | Description |
|---|---|---|
| Nilaanan ng sapat na oras para lamang mapaabot sa mga mag – aaral ang kanilang mga modyul.t masistemang pagmumudmod ng mga modyul. | 4.77 | Lubos na laging nararanasan |
| May masistemang pamamaraan sa panahon ng pagmumudmod upang mapanatili ang tagubilin ng AITF dala sa banata ng pandemya. | 4.74 | Lubos na laging nararanasan |
| Magastos ang pagpapatupad ng modyular modality lalo na minsan mauubsan ng mga kagamitang at gayundin sa load ng internet para may akses sa mga mag – aaral lalo na sa pagkontak na kunin ang kanilang mga modyul. | 4.45 | Lubos na laging nararanasan |
| Ang mga mag – aaral na hindi makuha ang modyul sa paaralan, piuntahan sa kanilang bahay para lamang mapaabot ang modyul.. | 4.13 | Laging nararanasan |
| Buongb tiyaga at pagsisikap ang paghihintay para lamang makuha ang mga modyul ng mga mag – aaral. | 4.68 | Lubos na laging nararanasan |
| Average Weighted Mean | 4.55 | Lubos na laging nararanasan |

Matutunghayan sa talahanayan 12 ang estado ng mga respondente sa implementasyon ng modyular na modality batay sa pagsusumite ng mga mag – aaral sa kanilang modyul. Lumabas sap ag – aaral na ang pinakamataan sa bahagdan ay ang ginastusan ng load para lamang makontak ang mga mag – aaral o di kaya ay mga magulang para maisumite ang mga modyul na may 4.77%. Habang ang pinakamababa ay ang Ang hindi maisauli sa paaralan, kusang pupuntahan ang mga mag – aaral kung saan sila nakatira upang kunin ang mga modyul na kanilang sinagutan na may 4.19%. Ang pangkalahatang mean ay 4.61 na may deskripsyon na lubos na lagging nararanasan. Hayagang binahagi ng mga respondente na ginawa nila ang lahat kahit gumastos man sila sa load para lamang mamonitor ang modyul ng kanilang mga mag – aaral. Pinatunayan ito sap ag – aaral ni Possel, et al (2013) ang persepsyon ng mga mag-aaral sa damdamin ng guro ay sa pagtuturo ay mas kritikal kaysa sa ibang panukat ng kagalingan ng mag-aaral. Ibig sabihin mapapansing ang isang mag-aaral ay nakasaalang-alang sa guro na siyang magbibigay ng inspirasyon upang matuto sa isang aralin. Kagaya na lamang ng pagsasakripisyo ng mga guro para lamang sa pangangailangan ng kanilang mga mag – aaral.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 12 Estado ng mga Respondente sa Implementasyon ng Modyular Modality batay sa Pagsusumite ng Modyul**

| Pagsusumite ng Modyul | WM | Description |
|---|---|---|
| Nilaanan ng sapat na oras para maisauli lamang ang mga modyul alinsunod sa nakatakdang iskedyul. | 4.68 | Lubos na laging nararanasan |
| Nakaantabay sa mga mag – aaral o mga magulang sa pagsasauli ng modyul para masunod ang sitematikong hanay sa pagsasauli nito. | 4.68 | Lubos na laging nararanasan |
| Inaabangan ang mga mag – aaral o mga magulang para makapaglagda sa record na nagpapatibay na naisauli na ang modyul. | 4.71 | Lubos na laging nararanasan |
| Ginastusan ng load para lamang makontak ang mga mag – aaral o di kaya ay mga magulang para maisumite ang mga modyul. . | 4.77 | Lubos na laging nararanasan |
| Ang hindi maisauli sa paaralan, kusang pupuntahan ang mga mag – aaral kung saan sila nakatira upang kunin ang mga modyul na kanilang sinagutan. | 4.19 | Laging nararanasan |
| Average Weighted Mean | 4.61 | Lubos na laging nararanasan |

Makikita sa talahanayan 13 ang estado ng mga respondente sa implementasyon ng modyular na modality batay sa pagwawasto nito. Mula sa resulta, ang may pinakamataas na baghagdan ay ang nilaanan ng sapat na panahon para maiwasto ang kanilang awtput na may 4.74%. Habang ang pinakamababang bahagdan ay ang mga mag – aaral na hindi nakasunod sa panuto at hindi sinagutan ang modyul, sinikap na makontak sila upang ipaliwanag sa kanila ito na may 4.35%. Kakikitaan ito ng tunay na pagpupursige ng mga guro na maipagpatuloy ang pag – aaral sa kabila ng mga bagong pamamaraan. Ipinaramdam nila sa mga mag – aaral na bagamat ganito ang nangyayayri hindi pa rin ito rason upang mahinto sap ag – aaral. Bagkus, patuloy na inalalayan ng mga guro ang kanilang mga mag – aaral upang matuto. Ayon sa tesis ni Edza (2016) makabagong teknik sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng makabagong teknik sa pagtuturo ay maipapabatid ng guro ang mabisang paraan sa pagtuturo ng kaalaman at kaangkupan sa sarili. Gayon din ang makapagbigay sigla sa mga mag-aaral na madagdagan ang kanilang kaalaman at upang lalong maging mabisa at masanay sa iba't-ibang larangan ng asignaturanng Filipino.

**Talahanayan 13 Estado ng mga Respondente sa Implementasyon ng Modyular Modality batay sa Pagwawasto**

| Pagwawasto | WM | Description |
|---|---|---|
| Nilaanan ng sapat na panahon para maiwasto ang kanilang awtput. | 4.74 | Lubos na laging nararanasan |
| Naging balakid sa pagwawasto na maraming bahagi sa modyul ang hindi nasagutan ng mga mag – aaral. | 4.42 | Lubos na laging nararanasan |
| Ang mga mag – aaral na hindi nakasunod sa panuto at hindi sinagutan ang modyul, | 4.35 | Lubos na laging nararanasan |

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| sinikap na makontak sila upang ipaliwanag sa kanila ito. | | |
| Ang feedbacking ay sinagawa para malaman ng mga mag – aaral ang kanilang iskor at kung saan sila nagkamali. | 4.55 | Lubos na laging nararanasan |
| 5. | 4.52 | Lubos na laging nararanasan |
| Average Weighted Mean | 4.52 | Lubos na laging nararanasan |

Matutunghayan sa talahanyan 14 ang makabuluhang pagkakaiba ng demograpikong propayl ng mga respondente at ang kanilang estado sa implementastyon sa modyular na modality. Inilatag na ang kanilang demograpikong propayl ay walang kaugnayan sa estado ng mga respondente sa naturang implementasyon. Patunay lamang mula sa pahayag ni De Juan (2013) sa kanyang isinulat na artkulo. Sinasaad dito na ang pinakamalaking suliranin ng mga guro ay ang kawalan ng gana ng mga estudyante sa pag-aaral ng asignaturang ito. Marami ang mga hamon at suliranin ng guro na kung saan minsan ito ay ssanhi ng kanilang depresyon. Sa panahon ng pandemya, talaga naming nakakawala ng ganang mag-aral lalo na sa binagong paraan ng pagtuturo. Isang pasanin rin sa mga guro kung papaano nila mahihikayat ang mga mag-aaral na makikiisa sa kanila.

**Talahanayan 14 Makabuluhang Pagkakaiba ang Propayl ng mga Respondente kung Iuugnay ayon sa Estado sa Implementasyon ng Modyular na Modality**

| Factors Compared | Kabihasaan ng mga Respondente sa Paggamit ng mga Bagong Estratehiya | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | α | p- value | $x^2$-value | Interpretation | Action/ Decision |
| **Edad** | **α = 0.05** | **.685457** | 0.164 | No Significant Difference | $H_0$ was accepted |
| **Kasarian** | **α = 0.05** | **.826666** | 0.048 | No Significant Difference | $H_0$ was accepted |
| **Taon ng Panunungkulan** | **α = 0.05** | **.724939** | 0.124 | No Significant Difference | $H_0$ was accepted |
| **Estadong Sibil** | **α = 0.05** | **.564731** | 0.332 | No Significant Difference | $H_0$ was accepted |
| **Pinakamataas na Edukasyon Natamo** | **α = 0.05** | **.386916** | 0.749 | No Significant Difference | $H_0$ was accepted |
| **Kasalukuyang Katungkulan** | **α = 0.05** | **.685457** | 0.164 | No Significant Difference | $H_0$ was accepted |

## IV. Konklusyon

Mula sa mga nailatag na resulta, patunay lamang na ang mga respondente ay lubos na laging nararanasan ang iba't ibang hamon kaakibat sa bagong normal na kalakarang pang – edukasyon. Ang modyular na modality ay buong pusong niyakap ng mga respondente dahil ito ang nalalabing paraan upang maipagpatuloy ang pag – aaral ng mga kabataan. Hindi alintana ng mga respondente ang pagod, hirap, kawalan ng pinansyal, at buong sakripisyo nila itong ginagawa

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

alang – alang sa minamahal nilang mag – aaral Kaya naman, patuloy na itatagayod at paangatin ng mga respondente ang mga pagbabago na nakaangkla sa bagong bormal na edukasyon tungo sa kalidad na pagtuturo.

## V. Rekomendasyon

**1.** Para sa mga Guro. Mahigpit na irerekomenda na ipagpatuloy ang nasimulang pagtangkilik at pagtanggap sa anumang pagbabago na nakaangkla sa bagong Sistema ng pagtuturo. Pagyamanin ang kaalaman sa pamamagitan ng pagdalo sa iba't ibang webinar o seminar worksyap na makatutulong sa pagpapayaman ng kaalaman sa bagong normal dulot ng pandemya.

**2.** Para sa mga Mag – aaral. Panatilihin ang pagpapahalaga sa estado ng edukasyon upang makamit ang pangarap sa buhay. Makisabay sa agos ng pagbabago subalit kaelangan lamang din na may limitasyon tungo sa pansarili o di kaya sa pambansang kaunlaran.

**3.** Para sa mga Magulang. Gabayan ang mga anak sa kanilang pag – aaral lalo na sa modyular na pamamaraan. Sila ang natatanging gabay at lakas sa kanilang mga anka sa panahon ngayon. Kaya ang walang sawang suporta ang kailangan sa mga mag – aaral.

4. Para sa mga Opisyales ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang resulta ng pag – aaral na ito ang magbubukas sa kanila ng mga panibagong programa para sa kanilang mga guro. Sa ganitong kalagayan, masusubaybayn nila ang kanilang mga guro kung ano ang mga pangangailanang lalo na sa pagbabagong pamamaraan sa pagtuturo. Patuloy na gabayan ang mga guro at pagdalo ng mga webinar o seminar worksyap.

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved

INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume VI, Issue 2 February 2026, eISSN: 2799-0664

## BIBLIYOGRAPIYA

[1] Cahapay, M. B. (2020). Rethinking education in the new normal post-COVID-19 era: A curriculum studies perspective.

[2] Cagbabanua, Charlly D. (2023) Social Media Platforms bilang Alternatibong Dulog sa Pagtuturo at Pagkatuto

[3] Augusto,W.,Buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out of field isang penomenolohikal na pagsusuri

[4] De Juan,G.,(2016)Mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino

[5] Ganis (2018) Epekto sa Paggamit ng Social Media sa Pagkatuto ng mga Mag – aaral

[6] Ingersoll, R.M.(2019).Measuring out of field teaching,Examining the phenomenon of “Teaching oot-of-field: International Perspective on teaching as specialist.

[7] Girlie L. Valeroso, (EdD 2021) Istilo SA Pagtuturo Ng Mga Gurong Hindi Filipino Medyor Teaching Styles Of Non-Filipino Major Teachers) http://www.imjst.org/wp-content/uploads/2021/10/IMJSTP29120598.pdf

[8] Melchor P. Felonia (2021)Mga Pamamaraan at Kagamitan sa Pagtuturo ng Filipino sa Panahon ng Pandemya https://www.researchgate.net/publication/353543257_Mga_Pamamaraan_at_Kagamitan_sa_Pagtuturo_ng_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

[9] Panganiban,M.,(2020).Mga suliranin ng mga guro sa pagtutruro ng Filipino:Mga posibleng solusyon sa bawat suliranin https://www.academia.edu/40365087/MGASULIRANIN

Copyright © 2026 IJAMS, All right reserved